Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT
Intramuros, Manila

More than Jobs! It's decent jobs.

MENSAHE

Isang pagsaludo sa manggagawang Pilipino sa dakilang araw na ito ng Paggawa!

Saan man kayo naroon, nasa Pilipinas man o nasa ibat ibang bahagi ng mundo, tanggapin ninyo ang aking pagpupugay sa inyong makasaysayang papel sa pagsulong ng lipunan.

Ang araw na ito ay hindi lamang upang ipagbunyi ang kahalagahan ng lakas-paggawa. Higit sa lahat, ito ay araw upang kilalanin ang inyong kontribusyon at sakripisyo para sa sambayanan.

Mula pa noon, napakalaki ng inyong ginagampanan sa pagpapaunlad ng pambansang kabuhayan.

Ngayong nasasadlak tayo sa pandaigdigang krisis dulot ng COVID-19, kayo pa rin ang sandigan ng bayan upang bumalikwas at bumangon mula sa lugmok nating kalagayan.

Di matatawaran ang utang na loob ng ating pamahalaan at mamamayan sa manggagawang Pilipino. Kayo ang mga 'frontliners' na hindi alintana ang panganib at nag-alay ng buhay para maligtas at patuloy na makapamuhay ang higit na nakararami.

Lubos ang aking pasasalamat sa mga doktor, nars, health care worker, janitor, security guard, driver, gasoline boy, factory worker, farm worker, engineer, call center agent, teacher, kawani ng gobyerno at marami pang iba nating mga manggagawa na patuloy na naglilingkod sa kabila ng panganib na dulot ng Covid.

Kasama ng mga mahal nating overseas workers, kayo ay nabibilang sa hanay ng mga bagong bayani ng ating panahon.

Mula sa aking puso, maraming-maraming salamat sa inyong kabayanihan.

Sa ngayon, masidhi ang pagnanais ng nakararami nating mga manggagawa na makabalik na sa kanilang trabaho at empresa, isang hakbang upang mapabilis ang pagbangon ng ating ekonomiya.

Kami ay nalulugod sa inyong pang-unawa sa kahalagahan ng mga restrictions at health protocols na ipinapatupad para sa kaligtasan at kabutihan ng lahat.

Sa inyong pakikiisa, mapapabilis ang pagsigla ng ating kabuhayan lalo't higit kung kayo ay malusog at ligtas na nagpapagulong ng produksyon ng mga enterpresa at pabrika, sa ibayong dagat man o sa sariling bayan.

Bagamat nagdulot sa atin ng matinding paghihirap ang pandemya, nanatili kayong nananalig sa kakayanan ng pamahalaan na gabayan ang ating laban. Muli, maraming salamat!

Ang inyong tiwala at pananalig sa ating Pangulong Duterte ay sapat na dahilan upang kami ay magpatuloy na maglingkod upang ating mapagtagumpayan ang dambuhalang hamon sa ating bayan.

Batid ko na ganap ninyong nauunawaan na ang pagwawagi sa labang ito ay hindi nakasalalay sa pamahalaan lamang, kundi sa sama-sama nating pagkilos at pagtutulungan.

Lubos ang aking pag-asa na ang Mayo Uno na ito sa ating bagong panahon ang simula ng pagbangon at pagsulong ng manggagawa at mamamayan.

Mabuhay ang manggagawang Pilipino sa buong mundo! Mabuhay ang Pilipinas!

Maraming salamat po!

SILVESTRE H. BELLO III
Kalihim